INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 1 

# Paraan at Proseso sa Pagtuturo Ng Gramatikang Filipino at Akademikong Pagganap ng Mga Mag-Aaral

**DOI: 10.5281/zenodo.14619636**

**Faith S. Abe**
BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0009-5024-5480

**Jhanna Alieza E. Velasco**
BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0006-0411-4488

**Leizel Joy C. Dabalos**
Faculty, Misamis University, Philippines
https://orcid.org/0009-0000-8697-6992

**Sydelle Camille D. Compo**
Faculty, Misamis University, Philippines
https://orcid.org/0009-0006-8200-3521

**Abstrak**

Ang pagtuturo ay mahalagang tungkulin ng guro na naglalayong maghatid ng makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral gamit ang mga epektibong paraan at proseso tungo sa matagumpay na pagganap ng mga mag-aaral sa akademiko. Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mga paraan at proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino at ang ugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay *descriptive-correlational*. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 295 na mag-aaral sa Senior High School na pinili sa pamamagitan ng *convenient sampling*. Gumamit ang mga mananaliksik ng limang puntong *likert scale questionnaire* bilang instrumento sa pagtitipon ng datos. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang paggamit ng iba't ibang paraan at proseso sa pagtuturo ay may malaking tulong upang maging epektibo ang pagtuturo ng mga guro na nagbibigay ng makabuluhang ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang guro ay kinakailangan na maging adaptibo at handang matuto ng mga bagong pamamaraan ng pagtuturo tungo sa makabuluhang pagkatuto ng bawat mag-aaral lalo na sa kasalukuyang panahon. Ang *predictor* ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino ay ang tradisyunal na paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino. Inirekomenda ng mga mananaliksik na hikayatin ang mga guro na gumamit sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo na pupukaw sa interes sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kakayahan at mapabuti ang kalidad ng edukasyon lalo na sa larangan ng asignaturang Filipino.

***Mga Susing Salita****: akademikong pagganap, gramatikang Filipino, paraan, proseso*

**Introduksyon**

Ang pagtuturo ay isang sining na naglalayong gabayan at palawakin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan (Joyce at Calhoun, 2024). Ang paraan sa pagtuturo ay nangangailangan ng malawak at malalim na pag-unawa mula sa guro upang magkaroon ng makabuluhang impluwensya ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Killen at O'Toole 2023). Dagdag pa rito, ang proseso ng pagtuturo ay mahalagang salik sa pag-unlad ng bawat mag-aaral (Walfredo, 2023). Nakasalalay ang pagiging epektibo ng guro sa proseso ng kanyang pagtuturo sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman, malikhaing kakayahan at may kadalubhasaan sa pagtuturo (Sayadi, 2024). Sa pagtuturo ng gramatikang Filipino, mahalagang palawakin ng mga guro ang paggamit ng iba't ibang paraan, estratehiya at mga kagamitan sa kanilang pagtuturo (Abaigar et al., 2024). Gayunman, marami paring mag-aaral ang may kakulangan sa pag-unawa at kaalaman sa asignaturang Filipino (Gualter, 2019).

Masasabing kahit anong asignatura pa ay may mga nakikitang problema na nakaaapekto sa pagkatuto (Falcianos et al.,2024). Noon paman, ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay isa ng malaking hamon sa bawat guro lalo na sa larangan ng gramatika. Ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral na matutunan ang sariling wika ay lubhang nakalulugmok sa damdamin ng isang guro (Hernando et al., 2023). Malaki ang papel ng mga guro upang maitaguyod ang maalalim na pag-unawa sa isang aralin. Ayon kay Daza (2021), nangangailangan ito ng kadalubhasaan upang mas mapalalim at mabigyan ng malawak na interpretasyon ang mga paksang tinatalakay. Kinakailangang na magkaroon ng estratehiya na siyang magreresulta ng mabilisang pagkatuto ng bawat mag-aaral pagdating sa akademiko, at higit sa lahat maiaaplay pa ito sa realidad (Gloria. 2021). Ang mabisang pagtuturo ay nakasalalay sa kung paano pamamahalaan ng guro ang kanyang klase at kung ano ang proseso at mga paraan ang kanyang gagamitin tungo sa epektibong pagkatuto at pagkamit ng kalidad na edukasyon ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 1 

nina Arcebes et al., (2022), sa pagtuturo ay kinakailangan humanap ang guro ng mga ng mga estratehiyang makapagpa-engganyo sa mga mag-aaral upang mapaunlad at epektibo ang pagkatuto ng bawat mag-aaral.
Sa isang paaralan sa Pilipinas, partikular na sa Mandaue City College, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-intindi ng wikang Filipino. Natuklasan ng mga mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay may negatibong danas o karanasan sa paggamit ng Filipino kung saan ang pagpabor sa wikang banyaga ang pangunahing sanhi ng mga ito. Ang mga hamon na ito ay bahagi ng realidad ng pagtuturo lalo na sa asignaturang Filipino at mahalaga na ang mga guro ay magkaroon mabisang estratehiya sa pagtuturo upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral. Bukod dito sa isang paaralan naman sa Zambales, ang kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay nagtataglay ng mahusay na kasanayan sa pagtuturo at sa kabatiran sa paksa, wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo, sa propesyon at personalidad ng guro (De Guzman at Abagon 2021). Malaki ang naitulong ng mga kagamitang panturo sa paghasa ng mga kakayahan ng mag-aaral paritikular na sa siyentipikong karunungan (Astra et al., 2023).

Sa Indonesia, ang mga guro ang gumagamit ng kagamitang panturo na may *TEE Pattern (T = Task, E = Explanation, E = Evaluation).* Ito ay dahil ang kalidad at katugmang mga materyales sa pagtuturo ay isa sa pinakamatipid at praktikal na instrument o kagamitan sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, napauunlad ang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip at pang-agham na saloobin ng mga mag-aaral (Sumardi, 2024). Samantala, sa Texas sa Estados Unidos, sila ay may ibang paraan sa pagtuturo ng asignatura na kung saan binibigyang tuon nila ang kahalagahan ng pagtuturo ng wika upang maunawaan ang paksang binabasa ng mga mag-aaral at itinuturo ng mga guro na hindi lamang sa iisang asignatura kundi sa kabuuan (Prestero, 2023).

Sa Misamis University, Ozamis City, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mag-aaral ay may kakulangan sa pag-unawa at kaalaman sa asignaturang Filipino lalo na sa gramatika. Layunin sa pag-aaral na ito na matukoy ang paraan at proseso ng pagtuturo sa Gramatikang Filipino at ang ugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga epektibong paraan at proseso sa pagtuturo na makatutulong na maunawaan nang malalim ang konsepto sa gramatikang Filipino tungo sa makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga paraan at proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Misamis University. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang mga epektibong paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino
2. Natutukoy ang epektibong proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino
3. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino
4. Nasusuri ang ugnayan ng paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino at akademikong pagganap ng mga mag-aaral; at
5. Nasusuri ang ugnayan ng proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.
6. Natutukoy ang prediktors ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Pamamaraang Ginamit**

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng descriptive correlational na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang kaugnayan ng mga salik sa pag-aaral at kanilang akademikong pagganap.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Junior High School ng isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz. Ang respondente sa pag-aaral na ito ay dalawang daan siyam napu't lima (295) na mag-aaral sa *Senior High School* sa isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling mula Grade 11 hanggang Grade12 na nasa iba't ibang strand : General Academic Strand (GAS), Humanities and Social Sciences (HUMSS), Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM), Pre-Baccalaureate Maritime (PreBacc), at Accountacy, Business and Management (ABM).

**Resulta at Talakayan**

**Paraan sa Pagtuturo ng Gramatikang Filipino**

Ipinapakita sa talahanayan 1 ang makabuluhang kaibahan sa kasagutan ng mga tagatugon tungkol paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ng mga mag-aaral. Makikita sa tatlong baryabols ay parehong higit na epektibo

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 1 

angTradisyunal na Paraan ng Pagtuturo (M= 4.13) at Inklusibong mga Paraan ng Pagtuturo (M=4.11) habang lubos na epektibo ang Mga Bagong Paraan sa Pagtuturo (M=4.23) ng Gramatikang Filipino.

Ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay sa iba't ibang mga estratehiya at pamamaraan na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at nagbibigay ng isang makabuluhang karanasan sa pag-aaral. Ang nagsisilbing sukatan sa epektibong pagtuturo ay ang dami ng natutunan ng mga mag-aaral. Masasabing malaki ang ginampanan ng paggamit ng mga paraan tulad ng integrasyon ng teknolohiya, pagpapamemorya ng mga patakaran sa gramatika at balarila at pagbibigay pagkakataon ng guro na lumahok sa mga estratehiyang pangkolaboratibong pag-aaral ukol sa gramatikang Filipino upang mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman. Ayon sa pananaliksik nina Ruelo et al., (2022), ang mabisang pagkatuto ay isa sa mga pangunahing alalahanin ng mga guro sa lahat ng asignatura partikular sa Filipino.

Binigyang-diin na lubos na epektibo ang kakayahan ng guro na gumamit ng makabagong paraan ng pagtuturo upang matiyak na ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng de-kalidad na edukasyon na angkop sa mga pangangailangan ng kasalukuyang panahon. Batay isinagawang pananaliksik nina Perez at Montoya (2022), ang pagpapaunlad sa kakayahan ng indibidwal at pagtataguyod ng kalidad ng buhay sa lipunan ang dapat maging pangunahing layunin ng edukasyon samakatuwid, ang mga guro ay may tungkuling suriin ang mga epektibo at makabagong paraan sa pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Gayundin, ang mag-aaral sa ika-21 siglo ay nangangailangan ng mga bagong paraan ng pagkatuto, bagong kasanayan, bagong mga paraan ng pag-unawa sa kaalaman, at mga bagong pamamaraan ng pagtuturo nang sa ganun ay makibagay sa makabagong panahon (Hirschmana & Wood, 2018).

Ang paraan sa pagtuturo ay sangkap na nagdudulot ng positibong epekto sa pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral. Gayunman, ang tradisyunal na pagtuturo, makabagong paraan at inklusibong pagtuturo ng gramatikang Filipino ay iilan lamang sa iba't ibang epektibong paraan ng pagtuturo na nagbibigay-daan sa mas mahusay na pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng makabagong paraan sa pagtuturo, nagiging mas moderno, epektibo, at inklusibo ang proseso ng pagkatuto, na naaayon sa pangangailangan ng makabagong panahon. Ang mga mag-aaral ay natututo ng mga konsepto at kasanayan nang mas malalim at mas mabilis, na nagbibigay sa kanila ng mas matatag na pundasyon para sa kanilang edukasyon.

**Talahanayan 1**
**Paraan sa Pagtuturo ng Gramatikang Filipino**
(n=295)

| Mga Konstruksyon | Mean | St. Dev. | Remarks |
|---|---|---|---|
| Tradisyonal na Paraan ng Pagtuturo | 4.13 | 0.65 | Higit na Epektibo |
| Mga Bagong Paraan | 4.23 | 0.65 | Lubos na Epektibo |
| Inklusibong mga Paraan | 4.11 | 0.67 | Higit na Epektibo |

***Note**: 4.21-5.00 (Lubos na Epektibo), 3,40-4.19 (Higit na Epektibo); 2.60-3.39 (Epektibo);1.80-2.59 (Di- Gaanong Epektibo);1.0-1.79 (Hindi Epektibo)*

**Proseso sa Pagtuturo ng Gramatikang Filipino**

Sa Talahanayan 2, ipinapakita ang makabuluhang kaibahan sa kasagutan ng mga tagatugon tungkol sa proseso ng pagtuturo ng Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral. Makikita sa tatlong baryabols ay parehong higit na epektibo ang Paglinang saPagganap ng mga Mag-aaral sa Gramatika (M= 4.11) at Mga Pagbabago sa Kurikulum at Patakaran (M=4.11) habang lubos na epektibo ang Integrasyon ng mga Teknolohikal na Pagpapabuti (M=4.22) sa proseso ng pagtuturo sa gramatikang Filipino.

Lumabas sa naging resulta na ang Integrasyon ng mga Teknolohikal na Pagpapabuti ang lubos na epektibo sa proseso ng pagtuturo ng gramatika. Kaakibat ng prosesong ito ang integrasyon ng guro ng teknolohiya sa pagtuturo, pagpapakita ng guro ng kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng gramatika at maging sa pagbibigay ng pagsasanay. Ayon sa pag-aaral ni Burroughs et al., (2019) ang pagiging epektibo ng guro sa kaniyang pagtuturo ay direktang nakaapekto sa pag-unlad at tagumpay ng mag-aaral. Dagdag pa rito ang paggamit ng guro ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo ay higit na epektibo upang mapalago ang kaalaman ng mga mag-aaral.

Nakasalalay sa kasanayan ng guro ang epektibong pagganap ng mga mag-aaral. Makikita na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malaking tulong upang malinang ang kanilang sariling abilidad ng mga mag-aaral sa larangan ng Gramatikang Filipino. Ang pagpapabilis ng digitalisasyon sa larangan ng edukasyon ay nagdulot ng epekto sa mga guro upang maibagay ang kanilang estratehiya sa pagtuturo sa kasalukuyang panahon (Kihara, 2021).

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 1 

Masasabing ang pagbabago ng kurikulum ay ipinatupad upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa bansa at upang tiyakin na ang mga mag-aaral ay handa para sa mas mataas na edukasyon. Isinaad sa pag-aaral nina Safonov at Mayakoskaya (2020), ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ang sumusuporta sa kurikulum na kung saan ito ay nakatuon sa mga mag-aaral at tumutugon sa mga pangangailangan ng isang globalisadong mundo. Ang epektibong proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ay pumupukaw sa interes ng isang mag-aaral upang ito ay makilahok sa mga gawain tungkol sa paksang gustong pag-aralan.

Ang proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ay may positibong hatid tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral tulad na lamang ng integrasyon ng teknolohiya na nagpapadali sa proseso ng pagtuturo. Masasabing ang kahusayan ng isang guro ay hindi lamang nasusukat sa kaniyang kakayahan sa pagtuturo nasusukat rin ito sa mahusay niyang kasanayan na pukawin ang interes ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang teknolohikal na kasangkapan, ang kasanayan at kalaaman ng guro sa proseso ng pagtuturo ng gramatikang Filipino, nagiging mas interaktibo at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 2**
**Proseso sa Pagtuturo ng Gramatikang Filipino**
(n=295)

| Mga Konstruksyon | Mean | St. Dev. | Remarks |
|---|---|---|---|
| Paglinang sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Gramatika | 4.11 | 0.64 | Higit na Epektibo |
| Integrasyon ng mga Teknolohikal na Pagpapabuti | 4.22 | 0.62 | Lubos na Epektibo |
| Mga Pagbabago sa Kurikulum at Patakaran | 4.11 | 0.67 | Higit na Epektibo |

*Note: 4.21-5.00 (Lubos na Epektibo), 3,40-4.19 (Higit na Epektibo); 2.60-3.39 (Epektibo);1.80-2.59 (Di- Gaanong Epektibo);1.0-1.79 (Hindi Epektibo)*

**Akademikong Pagganap sa Asignaturang Filipino**

Makikita sa Talahayan 3 ang Akademikong Pagganap sa Asignaturang Filipino, na 59 sa mga tagatugon ang napabilang sa pinakamahusay na mga aaral sa kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Kasunod nito ang 142 na mag-aaral na napabilang sa mahusay 72 sa katanıtaman ang husay, 21 ang di-gaanong mahusay at 1 napabilang as pinakamababa sa akademikong pagganap sa asignaturang Filipino Makikita sa resulta ang datos na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay mahusay (M-85.74).

Ang resulta ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay talagang mahusay sa klase dahil ipinakita nilang kahusayan sa kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Ito ay nasusukat sa pamamagitan ng eksaminasyon at patuloy na pagtatasa sa loob ng klase. Dagdag pa rito, ang resulta ay nagpapakita na nakamit ng mga mag-aaral ang mga kakayahan at pamantayan na ipinanukala ng Kagawaran ng Edukasyon sa asignaturang Filipino. Ito rin ay nagpapakita ng positibong kalidad ng akademikong pagganap ng mga mag saral sa pangkalahatan. Mahalaga rin na magpatuloy sa pagbibigay ng suporta upang mapanatili ang mataas na antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang akademikong pagganap ay dapat na maunawaan na isang kumplikadong sistema na tumutukoy sa kakayahang nabuo ng isang mag-aaral sa kabuuan ng kanilang pag-aaral. Sumasalamin ito sa kaalamang pang-akademiko na nakuha sa panahon ng kanilang pag-aaral (Liangruenrom et al., 2019). Sa pangkalahatan, ang kakayahang ito ay tinatasa sa pamamagitan ng mga nakagawiang gawain o aktibidad sa klase, pagsusulit, at eksaminasyon na kung saan ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang mga tugon at natutunan sa mga klase (Manyanga et al., 2022). Ang pagtatasa ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay batay sa mga markang nakuha sa mga asignatura. Ang mga paksang tinatalakay at tinatasa ay nakabatay sa kurikulum ng paaralan at pamamaraan ng guro sa pagtuturo (Lourenco & Paiva, 2024). Bukod sa kasanayan ng mga tagapagturo sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan, mahalaga rin kung paano ipinapamahagi ang mga klase sa buong araw, pati na rin ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga positibong karanasan. Ang mga salik na ito ay nagpapataas ng kanilang motibasyon upang maabot at magtagumpay sa kanilang akademikong pagganap (AlOsaime et al 2022).

Ang akademikong pagganap ay mahalaga para sa matagumpay na pag-unlad ng mga kabataan sa lipunan. Ito ang magsisilbi nilang gabay upang makamit ang kanilang minimithi sa buhay Makakatulong din ito sa pagkakaroon ng malawak na oportunidad na makapapaunlad sa kanilang personalidad. Ang mga mag-aaral na mahusay sa paraalan ay may posibilidad na maging matagumpay sa hinaharap.

**Talahanayan 3**
**Akademikong Pagganap sa Asignaturang Filipino**
(n=295) (n=295)

| Satisfaction Level | Frequency | Percentage | M | SD |
|---|---|---|---|---|
| Outstanding | 59 | 20.00 | | |
| Very Satisfactory | 142 | 48.14 | | |
| Satisfactory | 72 | 24.40 | | |
| Fairly Satisfactory | 21 | 7.12 | | |
| Did Not Meet Expectation | 1 | 0.34 | | |
| Kabuoan Pagganap | 295 | 100 | 85.74 | 8.52 |

*_Note: Iskala ng Akademikong Pagganap: 90-100 (Pinakamahusay); 85-89 (Mahusay); 80-84 (Katamtaman ang Husay); 75-79 (Di-gaanong Mahusay); Below 75 (Napakababa)*

**Paraan sa Pagtuturo Gramatikang Filipino at Akadekong Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang makabuluhang kaibahan sa kasagutan ng mga tagatugon tungkol sa paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino base sa kanilang akademikong pagganap sa Filipino. Makikita sa tatlong baryabols na ito ay nagsasaad na lubos na makabuluhan ang ugnayan ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo (p= 0.00) Ang inklusibong mga paraan ng pagtuturo (p= 0.00) at ang mga bagong paraan sa pagtuturo (p= 0.01) at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang tradisyunal na pagtuturo ay nakatuon sa guro bilang pangunahing tagapamahagi ng kaalaman. Ang mga mag-aaral ay nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig sa mga paliwanag ng guro, pagsasaulo ng mga tuntunin sa gramatika, at pagsagot sa mga pagsusulit at gawain mula sa libro (Cachon, 2019), na nagsisilbing pundasyon ng pagkatuto at ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral (Vaidya, 2024).

Ang mga makabago at inklusibong pamamaraan ng pagtuturo ay parehong tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ginagamit ng mga guro ang teknolohiya, tulad ng *multimedia presentations* at *online resources,* upang ipakita ang iba't ibang kontekstong pangkultura. Ang mga interaktibong gawain, tulad ng pangkatang talakayan, pagsasadula, at pagsasanay sa totoong buhay, ay nagpapataas ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral (Dodiya, 2019). Ang mga pamamaraang ito ay naglalayong gamitin nang husto ang oras ng pagtuturo-pagkatuto at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng gramatika.

Ang mga paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ay nakatutulong upang mahasa ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa gramatika at mapaunlad ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino. Sa paghahasa ng kakayahang pang-gramatika, malaki ang ginagampanan ng mga guro sa pagbabahagi ng kanilang kahusayan patungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pabibigay-diin sa paggamit ng teknolohiya, iba't ibang sanggunian, kolaboratibong gawain, pagtuturo ng sapat na kaalaman at pagsasanay sa gramatikang Filipino ay makapagdudulot ng sapat na kahusayan sa kanilang akademikong pagganap

**Talahanayan 4**
**Paraan sa Pagtuturo Gramatikang Filipino at Akadekong Pagganap ng mga Mag-aaral**
**n=295**
*Note: **p<0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p<0.05 (Makabuluhan); p>0.05 (Hindi Makabuluhan)*

**Proseso sa Gramatikang Filipino at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ipinapakita sa talahanayan 5 ang makabuluhang kaugnayan ng mga proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Makikita sa tatlong baryabols na ito ay nagsasaad na makabuluhan ang ugnayan ng Paglinang sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Gramatika at Akademikong Pagganap (p= 0.02) Integrasyon ng mga Teknolohikal na Pagpapabuti at Akademikong Pagganap (p=0.05) at Mga Pagbabago sa Kurikulum at patakaran at Akademikong Pagganap (p=0.05).

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 1 

| Baryabol | r-value | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Tradisyonal na Paraan ng Pagtuturo at Akademiikong Pagganap | 0.19 | 0.00 | Lubos na Makabuluhan |
| Mga Bagong Paraan sa Pagtuturo at Akademmikong Pagganap | 0.14 | 0.01 | Lubos na Makabuluhan |
| Inklusibong mga Paraan ng Pagtuturo at Akademikong Pagganap | 0.19 | 0.00 | Lubos na Makabuluhan |

Inilahad sa resulta na ang paglinang sa pagganap ng mga mag-aaral sa gramatika, integrasyon ng mga teknolohikal na pagpapabuti mga pagbabago sa kurikulum at patakaran ay may makabuluhang kaugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Kapag ang mga mag-aaral ay nasasagutan nang tama ang mga pagsusulit at naiaaply ang mga kasanayan sa gramatikang Filipino, ito ay naglalagay sa mas mataas na antas ng kanilang akademikong pagganap. Dagdag pa rito, ang pagpapakita ng guro ng sariling kasanayan sa paggamit ng teknolohiya at ang pag-aanalisa ng guro sa mga pagbabago ng mga patakaran at alituntunin sa gramatikang Filipino sa kanilang pagtuturo ay naghahatid sa matumpay na pagganap sa bawat mag-aaral. Ang estratehiyang ginamit ng guro sa pagtuturo ay magiging makabuluhan lalo na at ito ay naiangkop nang tama at napupukaw ang atensyon ng mga mag-aaral na makilahok sa interaktibong pagtuturo. Ayon sa pag-aaral ni Manatad et el., (2024), ang teknolohiya ay isang napakahalagang kagamitan sa kasalukuyan partikular sa edukasyon upang mas maging epektibo at makabago ang pagbabahagi ng mga guro ng mga kaalaman sa mga mag-aaral.

Ang guro ang tagapagdaloy ng kaalaman sa isang silid aralan, sila ay dapat na may kakayahan at may sapat na kaalaman na maaring maibahagi nila sa kanilang mga mag-aaral (Barberos et at., 2019). Ang iba't ibang proseso ng pagtuturo ay isang daan upang maging interaktibo, makabuluhan at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng kurikulum, maaaring maiangkop ng guro ang mga aralin at pamamaraan ng pagtuturo sa iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga estudyante. Ang paggamit ng mga napapanahong estratehiya tulad ng integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay nagsisilbing daan upang mas maging epektibo at makabago ang pagtuturo ng guro. Ang layunin nito ay hindi lamang magturo ng mga akademikong kaalaman kundi pati na rin ang pagbibigay ng pangkalahatan na edukasyon na maghahanda sa mga mag-aaral sa hinaharap. Bukod dito, sa pag-aaral nina Lopez et al., (2018), nakita ang kaugnayan ng kahusayan ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ays nakakaapekto sa kaganyakan ng mga mag-aaral na pag-aralan ang asignaturang Filipino**.**

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nakabatay sa proseso ng pagtuturo ng gramatikang Filipino. Masasabing ang bawat estudyante ay may natatanging paraan ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pag-aanalisa nang mabuti sa mga epektibong proseso sa pagtuturo, maaaring maiangkop ng guro ang mga aralin sa iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang malinaw at komprehensibong pagtuturo ay nagpapadali sa pag-unawa ng mga estudyante, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng akademikong pagganap Ang isang guro na mahusay sa kanyang larangan ay nagagawang himukin, gabayan, at suportahan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral. Masasabing ang epektibong pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa papasa ng impormasyon kundi pati na rin kung paano iangkop ng guro ang mga kasangkapan o estratehiya sa pagtuturo sa leksyon na naayon sa interes ng mga mag-aaral tungo sa kanilang makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahayanan 5**
**Proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral**
n=295

| Mga Konstruksyon | r-value | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Paglinang sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Gramatika at Akademikong Pagganap | 0.13 | 0.02 | Makabuluhan |
| Integrasyon ng mga Teknolohikal na Pagpapabuti at Akademikong Pagganap | 0.13 | 0.05 | Makabuluhan |
| Mga Pagbabago sa Kurikulum at Patakaran at Akademikong Pagganap | 0.13 | 0.05 | Makabuluhan |

*Note: **p<0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p<0.05 (Makabuluhan); p> 0.05 (Hindi Makabuluhan)*

**Predictors ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Sa Talahanayan 6, ipinakita ang resulta ng pagsusuri ng mga predictor na may epektibong ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Tinukoy ng regression analysis ang tradisyunal na paraan sa pagtuturo bilang isang makabuluhang predictor ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino.

Ang tradisyunal na paraan sa pagtuturo sa gramatikang Filipino (β=1.36, SE= 0.41, t= 3.30, p=0.001) ay nagpapahiwatig ng makabuluhang positibong kaugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagdating sa gramatikang Filipino, ipinapakita na kapag ang guro ay gumugamit ng tradisyunal na paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ito ay nagdudulot ng posibong epekto sa mga mag-aaral pagdating sa kanilang akademikong pagganap.
Ang *regression equation* (Akademikong Pagganap = 80.15 + 1.36 Tradisyunal na Paraan sa Pagtuturo) ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng ng guro ng mga tradisyunal na paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino, ang kanilang akademikong pagganap ay tumaas din ng 1.36. Ang datos ay nagpapakita na ang paggamit ng mga guro ng mga tradisyunal na paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ay may makabuluhang epekto tungo sa mas mahusay na akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Masasabing ang pagganap ng mga mag-aaral ay magiging makabuluhan kapag ito ay ginagamitan ng mga tradisyonal na paraan sa pagtuturo ng gramatikang Filipino. Ayon pag-aaral ni Shuming (2021), layunin nilang magbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magkaron *ng akademic performance*. Mahalagang taglayin ng isang guro ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa paksang kanyang itinuturo, pati na rin ang kakayahang ipaliwanag ito sa paraang madaling maintindihan ng kanyang mga estudyante. Gayunpaman, ang pagganyak sa isang mag-aaral sa pagpapalago ng kanilang kaalaman ay hindi madaling gawin upang maisakatuparan (Hernando et al., 2023).

Sa proseso ng pagkatuto, mahalagang kilalanin ng mga guro ang iba't ibang paraan ng pagtuturo na maiaayon sa interes ng mga mag-aaral upang maging epektibo ang kanilang pagkatuto lalo na't sa gramatikang Filipino. Nararapat lamang sa mga guro na mas payabungin ang kanilang kaalaman sa mga iba't ibang paraan sa pagtutro na makakatulong upang maitaguyod nang mas makabuluhan ang kanilang leksyon. Sa pamamagitan ng pag-angkop ng mga pamamaraan ng pagtuturo ayon sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, mas mapapadali ang proseso ng pagkatuto at mas magtatagumpay ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa gramatikang Filipino.

**Talahayanan 6**
**Prediktors ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

| Prediktors | Coef (β) | SE Coef | t- value | p-value |
|---|---|---|---|---|
| (Constant) | 80.15 | 1.72 | 46.71 | 0.000 |
| Tradisyonal na Paraan sa Pagtuturo | 1.36 | 0.41 | 3.30 | 0.001 |
| Adjusted $R^2$ | 3.84% | | | |
| F-value `1`11<br>P-value 0.000 | | | | |

Akademikong Pagganap = 80.15 + 1.36 Tradisyunal na Paraan sa Pagtuturo

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang paggamit ng iba't ibang paraan sa pagtuturo at kung paano isinasakatuparan ng guro ang kanyang pagtuturo ay mahalagang hakbang tungo sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon. Pinatutunayan ng mga resulta na ang epektibong pagtuturo ay nakadepende sa angkop na pagpili ng estratehiya na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga makabagong paraan, kabilang ang integrasyon ng teknolohiya at kolaboratibong estratehiya, ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pagkatuto at mas mataas na kalidad ng edukasyon, na tumutugma sa hinihingi ng ika-21 siglo.

2. Ang proseso sa pagtuturo ng gramatikang Filipino ay may positibong hatid tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng makabagong pamamaraan ay napatunayang mas epektibo sa pagpapalago ng kaalaman ng mga mag-aaral at pagpapabuti ng proseso ng pagkatuto. Samakatuwid, ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay isang mahalagang estratehiya upang makamit ang de-kalidad na edukasyon na tumutugon sa mga hamon ng makabagong panahon.

3. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Senior High School ay nagpapakita ng mahusay na marka na nakuha ng mga mag-aaral mula sa mga pagsusulit, eksaminasyon at mga pagtatasa sa loob ng klase. Ito ay hindi lamang naglalayong magbigay ng edukasyon, kundi pagbukas din ng pinto ng mga posibleng tagumpay at kaunlaran sa kanilang buhay.

4. Napatunayan na may lubos na makabuluhang ugnayan ang paraan ng pagtuturo at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang epektibong pamamaraan ng pagtuturo, tulad ng integrasyon ng teknolohiya, tradisyunal na estratehiya, at inklusibong gawain, ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

5. Ang proseso sa pagtuturo ay may malalim na ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay hinihikayat na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto at nagtataguyod ito upang maging makabuluhan ang pagganap nila sa akademiko. Ang ugnayang ito ay nagpapakita na ang pagkatuto ay isang proseso ng kooperasyon at pagbuo ng kaalaman sa pamamagitan ng paglahok, kaya't mas nagiging makabuluhan at mas epektibo ang kanilang pagganap sa akademikong larangan.

6. Ang tradisyunal na paraan sa pagtuturo ay mahusay na prediktor ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Kapag ang guro ay gumagamit ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo, mahalaga pa rin ang maayos na pagpaplano at paggamit ng mga epektibong estratehiya upang mapanatili ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral maaaring makatamo sila ng mahusay na akademikong pagganap.

**Talasanggunian**


Abaigar, B. R., Balderian, A. L., & Galit, G. C. (2024). EKSPLORATORING PAGSUSURI SA KAKAYAHAN AT SALIK NA NAKAAAPEKTO SA KOMPREHENSIYON SA PAGBASA SA FILIPINO. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, *2*(6), 1788-1813

Albatool, A. M. A., & Moneus, A. M. A. (2023). Towards interactive teaching strategies in teaching english literature. Theory and Practice in Language Studies, 13(8), 1912-1919. doi: https://doi.org/10.17507/tpls.1308.06

Almerino, P. M., Ocampo, L. A., Abellana, D. P. M., Almerino, J. G. F., Mamites, I. O., Pinili, L. C., ... & Peteros, E. D. (2020). Evaluating the academic performance of K-12 students in the philippines: A standardized evaluation approach. Education Research International, 2020, 1-8. https://www.hindawi.com/journals/edri/2020/8877712/

Astra, I. M., Henukh, A., & Uskenat, K. (2023). The effectiveness of STEM-based science teaching materials in improving elementary school students' science literacy. *Journal of Physics: Conference Series, 2582*(1), 012047. doi:https://doi.org/10.1088/17426596/2582/1/012047

Barberos M., Gazaro A. & Padayogdog E. (2019). The Effect of the Teacher's Teaching Styles on Students Motivation. https://steinhardt.nyu.edu/departments/tQuestingandlearning/ research/practitioner-action-research/ effect-teachers-teaching

Bharathy, M. S., Karunakar, M., & Chandrasekharan, D. (2023). Using multiple intelligences approach to enhance english language teaching experiences. IUP Journal of English Studies, 18(3), 78-93. Retrieved from https://www.proquest.com/scholarlyjournals/using-multiple-intelligences-approach-enhance/docview/2875128443/se-2

Burroughs N., Gardner J., Lee Y., Guo S., Touitou I., Jansen K., Schmidt W., (2019). Teaching for Excellence and Equity Analyzing Teacher Characteristics, Behaviors and Student Outcomes with TIMSS. https://link. springer.com/book/10.1007/978-3-030-16151-4

Cachon. (2019). Building business cred in the hood: Traditional teachings and legitimacy management in indigenous communities. *Journal of Enterprising Communities,* 13(4) 525-554. doi: https://doi.org/10.1108/JEC-05-2018-0032

Chen, Y. (2022). Innovation and discrete dynamic modeling of college music teaching model based on multiple intelligences theory. Journal of Sensors, 2022 doi:https://doi.org/10.11 55/2022/8613485

Daza, J. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemiya. Researchgate.net.https://www.researchgate.net/publication/356893311_Kaantasan_ng_Pagkatuto_ng_mga_Magaaral_sa_Asignaturang_Filipino_Tugon_sa_MakabagongEstratehiya sa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya

Dela Peña, JM. (2023). Integrasyon ng Edukasyong Gender sa Pagtuturo ng Filipino. http://eprajournals.net/index.php/IJMR/article/view/1469/147). Integrasyon ng Edukasyong Gender sa Pagtuturo ng Filipino

De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. KAKAYAHAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO NG SENIOR HIGH SCHOOL

Department of Education. (2016, August). K to 12 Curriculum Guide MATHEMATICS.

K To 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Dodiya, D., Vadasmiya, D. S., & Diwan, J. (2019). A comparative study of flip classroom teaching method versus traditional classroom teaching method in undergraduate medical students in physiology. *National Journal of Physiology, Pharmacy and Pharmacology, 9*(6),551-555 doi: https://doi.org/10.5455/njppp.2019.9.0310829032019

DO 52, s. 1987 – The 1987 Policy on Bilingual Education | Department of Education. (1987, May 21.)

Duru, P. O., Dominic, G. Z., Udoha, C. & Ochuba, P. C. (2020). Effects of teacher subject mastery on the academic performance of secondary school students in Jalinggo Local Government Area of Taraba State. Journal of Contemporary Education Research, 20 (8), 344-365.

Eltahir, M. E., Annamalai, N., Zyoud, S. H., Al Salhi, N. R., & Zakameh, B. (2023). Exploring the adoption of multiple intelligences in micro credentials by educators in malaysia higher. *The Qualitative Report, 28*(12), 3514-3535. doi:https://doi.org/10.46743/2160-3715/2023.6093

Englis, J. M. (2019). Learning Styles and Strategies of Teaching the Filipino Language. International Journal of Science and Management Studies (IJSMS), E-ISSN: 2581-5946. Retrieved from: https://ijsmsjournal.org/2019/volume-2%20issue-2/ijsms-

Falcasantos, Andrey James & Buduan, Ashley Joy & Mendoza, Rhea & Sabanal, Junny & Ferbes, Germa. (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. American Research Journal of Humanities and Social Sciences. 8. 109-120.

Fenstermacher, G. D., Soltis, J. F., & Sanger, M. N. (2015). Approaches to teaching. Teachers College Press.

Gaebel, M., Zhang, T., Bunescu, L., & Stoeber, H. (2018). Learning and teaching in the European higher education area. European University Association asbl.

Gannaban, M. F. (2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. DALUMAT E-Journal, 3(1-2), 1-1.

Garg. A., Sharma, R. (2016). Intelligence and effect as predictors of academic performance among undergraduate students. *International Journal of Education and Management Studies,* 6(1),11-18. Retrieved December 10, 2019, from https://search.proquest.com/decview/1870564427?accountid=149218

Gloria, A. (2021, June). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. Bulacan; researcgate.net.

González Hernández Walfredo. (2023). The teaching-learning process or the teaching process and the learning process. Culture & Psychology, 29(1), 96-115.

Gualter, D. (2019). Buklet Pampagtuturo sa Filipino Grado 7 sa Dibisyon ng Lungsod ng Batangas. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(5). https://www.ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/2906?fbclid=IwAR2kKLsMRtbhGDtDRUykhOYoH2HXhe5GPrkoWxlVZSmWmSvkMI6jlOIJZTE

Gunduz, N., & Hursen, C. (2015). Constructivism in teaching and learning; Content analysis evaluation. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 191, 526-533.

Hadiprayitno, G., Muhlis, Raksun, A., Artayasa, I. P., & Sukri, A. (2024). Developing context-based teaching materials and their effects on students' scientific literacy skills. *Pegem Egitim Ve Ogretim Dergisi = Pegem Journal of Education and Instruction, 14*(1), 226-233. doi:https:// doi.org/10.47750/pegegog.14.01.25

Havighurst, R. J. (2023, September 5). teaching. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/teaching

Hernando, J., Cabudbud, G. F., Mangente, R., & Perez, J. (2023). Epekto ng Kakayahan sa Pagtuturo sa Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino Dulot ng Pandemya. Tinubdan, 16(1), 48-74.

Hicana, M. F. (2020, September). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. Taguig; researcgate.net. https://www.researchgate.net/publication/349044802_Mga_Teorya_sa_Gramatikaat_Wika_Salalayan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_DALUMAT_E-JOURNAL

Hirschman, K., & Wood, B. (2018). 21st century learners: Changing conceptions of knowledge, learning and the child. The New Zealand Annual Review of Education, 23(1), 20.

Isa, S. G., Dr. Mammam, M. A., Badar, Y. & Bala, T. 2020. "The impact of teaching methods on The African Journal of Behavioural and Scale Development Research AJB-SDR Vol. 4, No 2, 2022.

Jamba, N., & Norbu, L. (2023). Effective classroom management and students' academic performance: A study in one of the middle secondary schools in Bumthang district. *Polaris Global Journal of Scholarly Research and Trends*, *2*(1), 11-24.

Joyce, B., & Calhoun, E. (2024). *Models of teaching*. Taylor & Francis. Retrieved from: https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=MdsLEQAAQBAJ&oi=fnd&pg=PT18&dq=Joyce,+B.,+%26+Calhoun,+E.+(2024).+&ots=J_raQ1iXOw&sig=33Ej0LAC_IxUAyORLtoge_r5byU&redir_esc=y#v=onepage&q=Joyce%2C%20B.%2C%20%26%20Calhoun%2C%20E.%20(2024).&f=false

Kibir, C. C. (2019). Pagtatasa sa Kinalabasan Ng perpormance SA assessment of standards and skills (pass) ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang filipino 9 ng Junior High School, Pamantasan ng Bohol. ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies, 15(1), 98–128. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.146

Kihara, T. (2021). The light and shadow brought to teacher education by digitizing the educational environment: The case of Japan. Education Sciences, 11(8), 399.

Killen, R., & O'Toole, M. (2023). *Effective teaching strategies 8e*. Cengage AU.

Ko, J., & Sammons, P. (2013). Effective Teaching: A Review of Research and Evidence. CfBT Education Trust. 60 Queens Road, Reading, RG1 4BS, England.

Lopez J., Alquizola A. at Yap R. (2018). Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at ang Aktibong Motibasyon ng mga Mag-aaral. https://www.academia.ed

Manatad, J., Alfanta, M. J., Perolino, J., Piasidad, M. A., Materdan, S. M., & Sotes, J. G. (2024). Danas ng Mga Guro at Mag-Aaral sa Paggamit ng Teknolohiya. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE), 1(5), 99-105.

Mariblanca, M. I., & Macaltao, M. T. E. (2021). Lebel ng Kasanayan sa Pagbuo ng Kontekstwalisadong Kagamitang Panturo ng mga Guro sa Filipino. https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/176

Mathias, J., Saville, C., & Leech, S. (2023). Engaging non-mathematics students in mathematics learning through collaborative teaching. Teaching Mathematics and Its Applications. https://doi.org/10.1093/teamat/hrad00327

Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). KAALAMAN NG GURO SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO. https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1217.pdf

Mcleod, S. (2023). Kolb's Learning Styles and Experiential Learning Cycle. Retrieved from:https://www.simplypsychology.org/learning-kolb.html

Mitchell, M. (2023). What Is Education? Insights from the World's Greatest Minds Retrieved from: https://www.psychologytoday.com/us/blog/the-moment-youth/201405/what-is-education-insights-the-worlds-greatest-minds

Muijs, D., & Reynolds, D. (2017). Effective teaching: Evidence and practice. Sage. https://scholarship.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&q=effective+teaching++&btnG

Munna, A. S. & Kalam, M. A. (2021). Teaching and learning process to enhance teaching effectiveness: a literature review. Retrieved from:https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED610428.pdf.

Mutisya, E.N., Dinga, J.N. & Kinai, T. K. (2019). Students' perceptions of teacher support and academic motivation as predictors of academic engagement. International Journal of Applied Psychology, 9(5): 128-134. doi:10.5923/j.ijap.20190905.02

Ojales, W. T., & De Ramos, J. M. S. D. (2021). Teaching Engagement of Senior High School Teachers in Batangas Province. International Journal of Research in Engineering, Science and Management, 4(2), 1-8. https://journal.ijresm.com/index.php/ijresm/article/view/488

Oko, O. F. (2014). Impact of Teachers Motivation on Academic Performance Students in *National Association of Mathematics Students' Conference/Seminar held at the College Auditorium, Nwafor Orizu Collee of Education, Nsugbe, Anambra State,* Retrieved on December 19, 2019, from https://bit.ly/2N5hNoB

Peña, J. M. I. D. (2023). PAGBUO AT BALIDASYON NG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO SA FILIPINO SA KOLEHIYO. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(2), 65-80. https://www.eprajournals.net/index.php/IJMR/article/view/1470

Peneda, F. P. Mga Pananaw ng mga Gurong Nagsasanay tungkol sa Collaborative Learning https://pdfs.semanticscholar.org/0d04/46f39b097b474990949ac576e5f4079a143e.pdf

Prestero, A. C. (2023). Elementary teachers' attitudes toward reading instruction in the content areas: An explanatory sequential mixed methods inquiry (Order No. 30423147). Available from ProQuest Central. (2823844521). Retrieved from https://www.proquest.com/dissertations-theses/elementary-teachers-attitudes-toward-reading/docview/2823844521/se-2

Royo, J. (2018). Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo de Davao University. https://www.scribd.com/document/369319620/Mga-Saloobin-a-t-Suliranin-ng-mg-a-Mag-Aaral-sa-Pagkatuto-ng-Asignaturang-Filipino-sa-Ateneo-De-Davao-High-SchooL

Ruelo, M. M., Sy, S. M. V., Tesalona, M. V., Tornea, Z. M., & Ybanez, K. J. F. P. (2022). Epekto ng Interaktibong Video Materyal Sa Pagkatuto Ng Mag-Aaral Sa College of Teacher Education Medyor Sa Filipino: Vol. 3, No. 2. Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2).

Safonov, A. S., & Mayakovskaya, A. V. (2020). Post-Digital World, Pandemic and Higher Education. International Journal of Higher Education, 9(8), 90-94.

Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1). https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/147

Sayadi, F. Z. M. E. (2024). ESTADO NG PAGTUTURO NG ASIGNATURANG SA MGA MAG-AARAL SA IKA-SAMPUNG BAITANG NG NOTRE DAME OF JOLO HIGH SCHOOL- KASULUTAN. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, *2*(4), 1602-1617.

Schleicher, A. (2012). Building a high-quality teaching profession. Lessons from around the world. Voprosy obrazovaniya/Educational Studies Moscow, (1), 74-92. https://ideas.repec.org/a/nos/voprob/2012i1p74-92.html

Sequeira, A. H. (2012). Introduction to concepts of teaching and learning. Social sciences education e-journal. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=2150166

Sentinel, F. L. (1997). EXPECTATIONS, TRADITIONAL TEACHING TRUMP CROWDED CLASSROOM, POVERTY: Retrieved from https://www.proquest.com/newspapers/expectations-traditional-teaching-trump-crowded/docview/388442612/se-2

Sharma, M. S., & Bansal, D. (2017). Constructivism as paradigm for teaching and learning. International journal of physical education, sports and health, 4(5), 209-212.

Sheinmayr, R., Meibner, A., & Weidinger., A. (2017). Wirthwein. 1(2015). Academic Achievements. *Education,* Retrieved on February 28, 2020, from https://bit.ly/3fBgg5E

Shuming S. (2021). Achievement Goals of Filipino College Students. https://www.feu.edu.ph/wp-content/uploads/2021/10/AJPE-V2I1CoShu Ming-2021

Stronge, J. H. (2018). Qualities of effective teachers. Ascd. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=x7RUDwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&dq=effective+teacher+&ots=iew3Ipc3dd&sig=XRiet7seEL9N7n7_VcdOCHXknBs&redir_esc=y#v=onepage&q=effective%20teacher&f=false

Suhendi, A., Purwarno, P., & Chairani, S. (2021). Constructivism-based teaching and learning in Indonesian education. KnE Social Sciences, 76-89.

Sumardi, L. (2024). The effectiveness of teaching materials with TEE patterns in improving students' critical thinking skills and scientific attitudes. *Pegem Egitim Ve Ogretim Dergisi = Pegem Journal of Education and Instruction, 14*(2), 184-191. doi: https://doi.org/10.47750/pegegog.14.02.23

Sullamo, A. E., Enguday, A. M., & Dawit, M. M. (2023/10/). Teacher educators' views vis-à-vis their practices on facilitating learning to teach. *Pedagogical Research, 8*(4) doi: https://doi.org/10.29333/pr/13477

Titthasiri, W. (2013, November). A comparison of e-learning and traditional learning: Experimental approach. In International Conference on Mobile Learning, E-Society and E-Learning Technology (ICMLEET)–Singapore on November (pp. 6-7).

Tynjälä, P. (1997). Developing education students' conceptions of the learning process in different learning environments. Learning and instruction, 7(3), 277-292.https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S095947529600021

Vaidya, V. (2024/06/09/, 2024 Jun 09). 'Traditional classroom teaching gives better insight topupils. *TheHitavada* Retrieved from https://www.proquest.com/newspaper/tradional-classroom-teaching-gives-better/docview/3065804106/se-2

Varghese, J., & Mohamedunni Alias Musthafa, M. N. (2022). From multiple intelligences to contextualization multiple intelligences: A new psychological paradigm for higher education pedagogy in south asian countries. The International Journal of Interdisciplinary Educational Studies, 17(2), 37-50 doi: https://doi.org/10.18848/2327-011X/CGP/v17i02/37-50

Villanueva, V. (2013). Karatulastasan: Mungkahing Gamit/ Paraan sa Pagtuturo at Pagkatuto Upang Alamin at Suriin ang kakayahang Umunawa. Manila; ejournals.ph. https://ejournals.ph/article.php?id=6231&fbclid=IwAR381AbDTINALQH_T0mtd6O4OsmyYnTzHcmkVq--RyrpLWCKtnWWcq7n5M0

Virola, R.I. (2019). Free education in the Philippines: A con-tinuing saga. International Journal of Advanced En-gineering Management and Science, 5(4), 238-249.

Vokič, N. P., PhD, & Aleksič, A., PhD. (2018). WHICH ARE THE MOST EFFECTIVE METHODS FOR TEACHING MANAGEMENT AT A GRADUATE LEVEL? FEB STUDENT'S PERCEPTIONS OF INDIVIDUAL TEACHING METHODS AND TEACHING METHOD BUNDLES EFFECTIVENESS. Zbornik Ekonomskog Fakulteta u Zagrebu, 16(1), p. 59-76. Retrieved from https://www.proquest.com/scholarly-journals/which-are- most-effective-methods-teaching/docview/2077000331/se-2

Wang, D. (2022). Analysis of multimedia teaching path of popular music based on multiple intelligences teaching mode. Advances in Multimedia, 2022 doi: https://doi.org/10.1155/2022/7166569

Wright, G. B. (2011). Student-centered learning in higher education. International journal of teaching and learning in higher education, 23(1), 92-97

Wu, Z. (2023). The application of multiple intelligences theory in english teaching. *The Educational Review, USA, 7*(11), 1666-1670. Retrieved from https://www.proquest.com/scholarly-journals/application-multiple-intelligences-theory-english/docview/2916712182/se-2